

Mga Gabay sa Pagbubukod at Paghihigpit dahil sa mga Sakit na Dulot ng Kontaminadong Pagkain

Dapat Mag-ulat ang mga empleyado sa Taong Nangangasiwa (Person in Charge, PIC)

Kinakailangang iulat ng mga empleyado sa taong nangangasiwa (PIC) ang anumang sintomas o na-diagnose na sakit na maaaring maipasa sa pamamagitan ng pagkain. Maaaring makuha ang mahalagang impormasyon tungkol sa petsa kung kailan nagsimula ang sintomas at kung nasuri ang empleyado na may sakit na dulot ng pagkain upang mabawasan ang panganib ng pagkalat ng mga sakit na dulot ng kontaminadong pagkain

Mga Sintomas

Mga Sintomas	Pagbubukod/Paghihigpit	Pagtataas ng Status ng Pagbubukod/Paghihigpit
Pagsusuka	Ibukod	Kapag wala nang sintomas ang empleyado sa loob ng hindi bababa sa 24 na oras nang walang ininom na gamot o nagbigay ng nakasulat na medical release/fitness para magtrabaho*.
Pagtatae	Ibukod	Kapag wala nang sintomas ang empleyado sa loob ng hindi bababa sa 24 na oras nang walang ininom na gamot o nagbigay ng nakasulat na medical release/fitness para magtrabaho*.
Paninilaw	Ibukod	Kapag hindi na naninilaw ang empleyado sa loob ng mahigit sa 7 araw ng kalendaryo o nagbigay ng nakasulat na medical release/fitness para magtrabaho*.
Masakit na lalamunan na may kasamang lagnat	Paghigpitan	Kapag hindi na nilagnat ang empleyado sa loob ng 24 na oras nang hindi umiinom ng gamot, o kapag nagbigay ang empleyado ng nakasulat na medical release/fitness para magtrabaho*.
Nakalantad na sugat/pigsang may impeksyon	Paghigpitan	Kapag ang sugat o pigsang may impeksyon ay natatapan ng wasto.

Na-diagnose na Sakit (may sintomas at walang sintomas)

Kung ang empleyado ay may na-diagnose na sakit (may sintomas at walang sintomas), dapat mag-ulat ang PIC sa lokal na Awtoridad ng Kalusugan.

Diagnosis	Pagbubukod/Paghihigpit	Pagtataas ng Status ng Pagbubukod/Paghihigpit
Norovirus	Ibukod	Kapag nakakuha ng pag-apruba ang PIC sa Awtoridad ng Kalusugan at ang empleyado ay wala nang sintomas sa loob ng mahigit sa 48 oras o nagbigay ng nakasulat na medical release/fitness para magtrabaho*.
E. coli	Ibukod	Kapag nakakuha ng pag-apruba ang PIC sa Awtoridad ng Kalusugan at ang empleyado ay wala nang sintomas sa loob ng mahigit sa 7 araw ng kalendaryo o nagbigay ng nakasulat na medical release/fitness para magtrabaho*.
Shigella	Ibukod	Kapag nakakuha ng pag-apruba ang PIC sa Awtoridad ng Kalusugan at ang empleyado ay wala nang sintomas sa loob ng mahigit sa 7 araw ng kalendaryo o nagbigay ng nakasulat na medical release/fitness para magtrabaho*.
Hepatitis A	Ibukod	Kapag nakakuha ng pag-apruba ang PIC sa Awtoridad ng Kalusugan at hindi na naninilaw ang empleyado sa loob ng mahigit sa 7 araw ng kalendaryo o nagbigay ng nakasulat na medical release/fitness para magtrabaho*.
Salmonella (nontyphoidal)	Ibukod	Kapag nakakuha ng pag-apruba ang PIC sa Awtoridad ng Kalusugan at mahigit sa 30 araw na ang nakakalipas simula ng na-diagnose ang empleyado o nakapagbigay ng nakasulat na medical release/fitness para magtrabaho*.
Typhoid fever (dulot ng Salmonella Typhi)	Ibukod	Kapag nakakuha ng pag-apruba ang PIC sa Awtoridad ng Kalusugan at nagbigay ang empleyado ng nakasulat na medical release/fitness para magtrabaho*.

*Hindi pinapalitan ng medical release ang mga timeframe ng pagbubukod, maliban kung partikular nitong sinasabi na ang mga sintomas ay resulta ng isang hindi nakakahawang sakit.

Pagbubukod – hindi pinapayagan ang empleyado na magtrabaho o pumasok sa isang establisyimento bilang isang empleyado ng kainan. Nalalapat ang kinakailangang ito sa mga lugar kung saan tinatanggap, inihahanda, iniimbak, binabalot, inihahain, ibinebenta, inililipat, o binibili ang pagkain.

Paghihigpit – lilimitahan ang gawain ng isang empleyado upang maiwasan ang panganib ng pagkalat ng sakit na maihahawa sa pamamagitan ng pagkain. Ang isang pinaghihigpitang empleyado ay hindi maaaring magtrabaho sa paghahanda ng pagkain, maglinis ng kagamitan, pangkain, mga tela o hindi nakabalot na mga artikulo na isang beses ihahain o isang beses lang gagamitin.